

DepEd Advisory No. 371, s. 2015

December 28, 2015

In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013  
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,  
personnel/staff, as well as the concerned public.  
(Visit [www.deped.gov.ph](http://www.deped.gov.ph).)

#### PAKIKILAHOK SA KAMPO BALAGTAS 2016 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Bilang 964 na may petsang Pebrero 11, 1997, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng Araw ni Balagtas 2016. Bahagi ng pagdiriwang na ito ay ang pagdaraos ng *Kampo Balagtas 2016*, isang kumperensiya ng mga kabataang manunulat ng tula, kuwento, at sanaysay na gaganapin sa Orion Elementary School, Orion, Bataan simula Abril 1 hanggang 3, 2016.

Ang layunin ng Seminar ay ang mga sumusunod:

1. magsagawa ng mga aktibidad na makakatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
2. kilalanin ang husay ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
3. kilalanin ang mga pangkampus na nagpapakita ng kahusayan at pagpapahalaga sa paggamit ng wikang Filipino; at
4. hikayatin ang mga mag-aaral na makibahagi sa patuloy na pagbubuo, pagpapahalaga, pagpapaunlad, at pagpapayaman ng panitikan ng bansa.

Ang Kumperesiya ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral ng sekundarya na kasapi at nakapaglathala na sa pahayagang pang-estudyante ng paaralan. Hindi maaaring sumali sa Kumperensiya ang mga kaanak ng mga kawani ng KWF.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at kawani sa pampubliko at pampridadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- G. John Enrico C. Torralba  
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)  
Telepono: (02) 736-2519  
Email: [komfil@kwf.gov.ph](mailto:komfil@kwf.gov.ph)
- G. Roy Rene S. Cagalingan  
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)  
Email: [komisyonsawikangfilipino@gmail.com](mailto:komisyonsawikangfilipino@gmail.com)  
Website: [www.kwf.gov.ph](http://www.kwf.gov.ph)